**PAGDARANAS, PAGTATAMASA, AT PAGHAHAYAG KAY KRISTO**
**(1)**

**MGA SUSING PANGUNGUSAP**

Si Kristo ay dumating upang magministeryo bilang isang Manggagamot
upang gamutin, bawiin, bigyang-buhay, at iligtas tayo
upang tayo ay mabuoang muli upang maging Kanyang mga bago at makalangit na mamamayan,
kung kanino maitatatag Niya ang Kanyang makalangit na kaharian sa nabulok na lupang ito.

Kailangan nating malaman, maranasan, at magpatotoo
na ang kaharian ng Diyos ang kapangyarihan upang lupigin ang pagrerebelde
at ang pagbabagong-anyo ng Panginoong Hesus.

Si Kristo bilang Salita ng Diyos ay nagsasalita para sa Diyos
sa pamamagitan ng Kanyang pagiging hagdan na nagdadala ng langit (Diyos) sa lupa (tao)
at naghuhugpong ng lupa (tao) sa langit (Diyos)
bilang isa para sa pagtatayo ng Diyos.

Kung paanong ang Dibinong Trinidad ay ang banghay ng buong Bagong Tipan,
gayundin ang Dibinong Trinidad ay ang estruktura ng aklat ng Mga Gawa;
inihahayag ng kapitulo kada kapitulo ng Mga Gawa ang paggawa ng Dibinong Trinidad
para sa pagsasagawa ng Bagong Tipang ekonomiya ng Diyos.

*© 2024 Living Stream Ministry*

Mensahe Isa

## Si Kristo bilang Dakilang Liwanag, ang Isa na Siyang May Awtoridad, ang Manggagamot, ang Kasintahang lalaki, ang Hindi pa Umuurong na Tela, at ang Bagong Alak

Babasahin sa Kasulatan: Mat. 4:16; 8:5-13; 9:9-17

**I. Si Kristo ay ang dakilang liwanag na sumisinag sa mga yaong nakaupo sa kadiliman at sumisikat sa mga yaong nakaupo sa rehiyon at anino ng kamatayan—Mat. 4:16; Juan 1:4-5; 12:36; Efe. 5:8; Col. 1:12-13; 2 Cor. 4:6-7; Gawa 26:18:**

A. "Dahil sa maawaing kahabagan ng ating Diyos, kung saan ang sumisikat na araw ay dadalaw sa atin mula sa kaitaasan, upang magliwanag sa mga nakaupo sa kadiliman at sa anino ng kamatayan, upang gabayan ang ating mga paa tungo sa daan ng kapayapaan"—Luc. 1:78-79; 6:36; Panag. 3:22-23.

B. "Ngunit sa inyo na natatakot sa aking pangalan ay sisikat ang araw ng katuwiran, na may pagpapagaling sa kanyang mga pakpak. Kayo'y lalabas at luluksong parang mga guya mula sa silungan"—Mal. 4:2; Awit 84:11; 86:11.

C. Ang Awit 22 ay "ayon sa usa ng pagbubukang-liwaway"—pamagat.

D. "Nawa yaong mga umiibig sa Kanya ay maging parang araw / Kapag sumisikat ito sa kanyang kalakasan"—Huk. 5:31b; Isa. 60:1, 5a.

E. "Ang landas ng matuwid ay parang liwanag ng bukang-liwayway, / Na sumisikat ng higit at mas maliwanag hanggang maging ganap na araw"—Kaw. 4:18; Fil. 2:15-16a.

F. "Sa panahong iyon ang mga matuwid ay magliliwanag katulad ng araw sa kaharian ng kanilang Ama"—Mat. 13:43a.

**II. Nakita ng senturyon na ang Panginoon ay Isa na may awtoridad dahil ang Panginoon ay isang taong nasa ilalim ng awtoridad—8:5-13:**

A. Nakilala ng senturyon na ang Panginoon ay isang taong nasa ilalim ng awtoridad nang sabihin niya, "Ako rin ay isang taong nasa ilalim ng awtoridad"; yamang ang senturyon ay isang taong nasa ilalim ng awtoridad, mayroon siyang awtoridad na utusan yaong mga nasa ilalim niya—b. 9a:

1. Bilang Diyos-tao sa Kanyang pagkatao sa lupa, ang Panginoong Hesus ay lubusang nasa ilalim ng pamumuno ng dibinong buhay ng Ama—Juan 5:19; 4:34; 17:4; 14:10, 24; 5:30; 7:18.
2. Bilang isang tao, tinanggihan Niya ang Kanyang natural na pagkatao at namuhay ng isang pantaong buhay sa ilalim ng paghihigpit ng dibinong buhay ng makalangit na Ama.
3. Sa pamamagitan ng praktikal na pagiging nasa ilalim ng pamumuno ng dibinong buhay ng Ama, Siya ay naghahari sa buhay—Fil. 2:8-11.
4. Dahil Siya ay isang tao sa ilalim ng awtoridad ng Ama, mayroon Siyang awtoridad ng Ama.
5. Kapag tayo ay may malinaw na kalangitan kagaya ng kahanga-hangang kristal (isang mabuti at dalisay na budhi), nang walang nasa pagitan natin at ng Panginoon, mapupuno tayo ng makalangit na sitwasyon, atmospera, at kalagayan ng namumunong presensiya ng Panginoon upang maghari sa buhay sa pamamagitan ng biyayang naghahari sa loob natin—Ezek. 1:22, 26; Apoc. 22:1; Roma 5:17, 21; Heb. 4:16; cf. Col. 1:13.

B. Kinilala ng senturyon ang awtoridad ng Panginoong Hesus—Mat. 8:9:

1. Hinggil sa Panginoon, ang Kanyang awtoridad ay pangunahing naipatutupad sa Kanyang salita—b. 8.
2. Hinggil sa atin, ang awtoridad ng Panginoon ay naipatutupad sa pamamagitan ng pananampalataya na isinalin tungo sa atin sa pamamagitan Niya—bb. 10, 13; Heb. 12:2.

C. Noong nasa lupa pa ang Panginoong Hesus, nagturo Siyang gaya ng Isa na may awtoridad—Mat. 7:28-29; Marc. 1:22:

1. Ang mga eskriba na sariling-hirang, na nagtuturo ng kaalamang walang kabuluhan sa pamamagitan ng kanilang mga sarili, ay walang awtoridad ni walang kapangyarihan—cf. 2 Cor. 3:6, 8.
2. Ang Panginoong Hesus, bilang Guro na awtorisado ng Diyos, nagtuturo ng mga realidad sa pamamagitan ng Diyos, ay hindi lamang may espiritwal na kapangyarihan upang supilin ang mga tao bagkus mayroon ding dibinong awtoridad upang ipasakop sila sa dibinong pamumuno—Isa. 30:20-21; Mat. 23:8, 10.

**III. Sa pagtawag sa mga tao na sundan Siya para sa kaharian, ang Panginoong Hesus bilang Hari ng makalangit na kaharian ay nagministeryo bilang isang Manggagamot—9:9-13:**

A. Ang paghahatol ng isang hukom ay ayon sa katuwiran, samantalang ang pagpapagaling ng isang manggagamot ay ayon sa habag at biyaya.

B. Kung tayong mga kaaba-abang tao ay binisita ng Panginoon bilang isang Hukom, tayong lahat ay makokondena at matatanggihan, at walang sinuman sa atin ang magiging kuwalipikado, mapipili, at matatawag upang maging mga tao ng Kanyang makalangit na kaharian—8:2-16, 28-32; 9:2-11; Awit 103:1-4; 107:17-22.

C. Gayunman, dumating Siya upang magministeryo bilang isang Manggagamot, upang gamutin, bawiin, bigyang-buhay, at iligtas tayo upang tayo ay mabuoang muli upang maging Kanyang mga bago at makalangit na taumbayan, kung kanino maitatatag Niya ang Kanyang makalangit na kaharian sa nabulok na lupa.

D. "Walang matuwid, wala ni isa" (Roma 3:10); ang lahat ng "matuwid" ay matuwid sa sarili, gaya ng mga Fariseo (Luc. 18:9); ang makaharing Tagapagligtas ay hindi pumarito para tawagin ang mga ito kundi ang mga makasalanan.

E. Bilang ating Manggagamot, tayo ay pangunahing pinagagaling ng Panginoon sa ating espiritu at ating kaluluwa, pinagagaling tayo sa ating espiritwal na mga karamdaman; ang mga maniningil ng buwis at mga makasalanan ay walang pisikal na karamdaman kundi may espiritwal na karamdaman—Mat. 9:10, 13; Kaw. 4:20-23.

F. Habang nararanasan natin ang naipakong Kristo at namumuhay ng isang naipakong buhay, ang nabuhay na muling Kristo ay nagiging ating nagpapagaling na kapangyarihan, at ang Panginoon ay nagiging ating Tagapagpagaling—Exo. 15:22-27.

**IV. Si Kristo ay ang ating Kasintahang lalaki—Mat. 9:14-15:**

A. Kapwa ang isang manggagamot at isang kasintahang lalaki ay mga kaaya-ayang tao; pinagaling muna ng makaharing Tagapagligtas ang Kanyang mga tagasunod at pagkatapos ay ginawa silang mga abay sa kasalan; kalaunan, gagawin Niya silang Kanyang kasintahang babae.

B. Kailangan natin Siyang tanganan hindi lamang bilang ating manggagamot, upang ang buhay natin ay mabawi, bagkus bilang ating kasintahang lalaki rin, upang tayo ay magkaroon ng pagtatamasa sa pamumuhay sa Kanya—Fil. 3:12-13.

C. Ang Espiritu ay isinugo ng Ama na may tagubilin na tayo ay pagandahin ng mga kayamanan ni Kristo upang maging kasintahang babae ni Kristo—Gen. 24; Efe. 5:25-27.

**V. Si Kristo ay ang ating hindi pa umuurong na tela at ang ating bagong damit—Mat. 9:16; Luc. 5:36:**

A. Ang salitang *hindi pa umuurong* ay nangangahulugang *"hindi pa nasuyod, hindi pa napainitan at hindi pa nalabhan, hindi pa yari, hindi pa naproseso."*

B. Ang hindi pa umuurong na tela ay sumasagisag kay Kristo mula sa kanyang pagkakatawang-tao hanggang sa Kanyang pagkapako sa krus, bilang isang pirasong bagong tela, hindi pa naproseso, hindi pa yari, samantalang ang bagong damit sa Lucas 5:36 ay sumasagisag kay Kristo bilang bagong balabal pagkatapos na Siya ay "maproseso" sa Kanyang pagkapako sa krus.

C. Si Kristo muna ay ang hindi pa umuurong na tela para sa paggawa ng isang bagong damit, at pagkatapos sa pamamagitan ng Kanyang kamatayan at pagkabuhay na muli ay ginawa Siyang isang bagong damit upang takpan tayo bilang ating katuwiran sa harap ng Diyos upang ariing-matuwid tayo ng Diyos at maging katanggap-tanggap sa Kanya—15:22; Gal. 3:27; 1 Cor. 1:30; Awit 45:13-14; Apoc. 19:8; Jer. 2:32.

D. Ang isang hindi pa umuurong na telang panagpi na ipinantagpi sa isang lumang damit ay bumabatak sa damit dahil sa lakas ng pag-urong nito, sa gayo'y pinalalalâ ang punit; ang itagpi ang isang hindi pa umuurong na telang panagpi sa isang lumang damit ay nangangahulugan na ang mga tao ay nagsisikap na gayahin ang ginawa ni Kristo sa Kanyang pantaong buhay sa lupa nang walang pagsampalataya sa naipakong Hesus bilang kanilang Manunubos o sa nabuhay na muling Kristo bilang kanilang katuwiran upang sila ay ariing-matuwid ng Diyos at maging katanggap-tanggap sa Kanya.

E. Ang kanilang panggagaya sa pantaong pamumuhay ni Kristo ay "bumabatak" sa kanilang "lumang damit," ang kanilang paggawi na ibinunga ng kanilang luma, natural na buhay.

F. Hindi ito gagawin ng mga tao ng kaharian; kinukuha nila ang ipinako sa krus at nabuhay na muling Kristo bilang kanilang bagong damit upang takpan sila bilang kanilang katuwiran sa harap ng Diyos.

**VI. Si Kristo ang ating bagong alak na inilalagay sa loob ng mga sariwang sisidlang balat—Mat. 9:17:**

A. Ang salitang Griyego para sa *bago* ay nangangahulugang "bago sa panahon, kamakailan, bagong angkin":

1. Ang bagong alak ay sumasagisag kay Kristo bilang bago, nagpapasayang buhay na may nagpapasayang kalakasan na nagpapalakas sa atin, nagpapasigla sa atin, at ginagawa tayong lubhang masaya—Huk. 9:12-13.
2. Lahat ng relihiyon ay mga lumang sisidlang balat; ang bagong alak na inilalagay sa mga lumang sisidlang balat ay nagpapaputok sa mga sisidlang balat sa pamamagitan ng pagpapaasim nito; ang ilagay ang bagong alak sa mga lumang sisidlang balat ay ang ilagay si Kristo bilang nagpapasiglang buhay sa anumang uri ng relihiyon—Mat. 9:14-15.
3. Ang pagiging relihiyoso ay nangangahulugan na sambahin ang Diyos, paglingkuran ang Diyos, at gumawa ng mga bagay upang bigyang-kasiyahan ang Diyos ngunit hiwalay at walang Kristo bilang Espiritu—cf. Gal. 1:14-16a.

B. Ang salitang Griyego para sa *sariwa* ay nangangahulugang "bago sa kalikasan, kalidad, o anyo; di-kinaugalian, hindi pa gamit":

1. Ang mga sariwang sisidlang balat ay sumasagisag sa buhay-ekklesia sa mga ekklesia-lokal bilang sisidlan ng bagong alak, na siyang si Kristo Mismo bilang nagpapasiglang buhay.
2. Ang indibidwal na Kristo ay ang bagong alak, ang panloob na nagpapasiglang buhay, at ang sama-samang Kristo ay ang sariwang sisidlang balat, ang panlabas na lalagyan na naglalaman ng bagong alak; ang sama-samang Kristo, ang ekklesia, ay ang bagong sisidlang balat upang maglaman ng indibidwal na Kristo bilang bagong alak.
   a. Ang ekklesia bilang pagpapalawak ni Kristo ay punô ng Kristo at nabuoan ng Kristo.
   b. Ang mga sangkap na binubuong magkakasama ay ang iisang Katawan, at itong Katawan na ito ay ang Kristo; Si Kristo ang Ulo ng Katawan at ang Katawan ng Ulo—1 Cor. 12:12; Gawa 9:5.
   c. Si Kristo ay hindi nababaha-bahagi; ang Kristo na nasa loob mo ay kaisa ng Kristo na nasa loob ko, at ang Kristo na nasa loob natin ay kaisa ng Kristo na nasa loob ng lahat ng iba pang Kristiyano—1 Cor. 1:10, 13a.

    d. Samakatwid, si Kristo ay ang Katawan na binubuo ng maraming sangkap na napunuan Niya; ito ang bagong sisidlang balat, na siyang buhay-ekklesia upang maglaman ng Kristo bilang bagong alak.

3. Sa mga tao sa ekklesia ang bagong damit, ang bagong alak, at ang bagong sisidlang balat ay nabawi nang lahat; mayroon tayong Kristo sa isang sama-samang paraan bilang ating buhay-ekklesia, at ang ekklesia, ang sisidlang balat, ay ang sukdulang gol ng Diyos.

*© 2024 Living Stream Ministry*